# Aklat

Rises noon. Naglalaro ang mga bata. Nakapulot ng aklat si Rico. Wala itong pangalan. Agad niyang dinala ito sa kaniyang guro.

**Sagutin ang mga tanong**:

1. Ano ang ginagawa ng mga bata?
2. Sino ang nakapulot ng aklat?
3. Ano ang ginawa niya sa aklat?

FT FUN TEACHER FILES

# Bag na Abaka

May regalo si Nilda. Ang regalo niya ay nasa kahon. Binuksan niya ang kahon. May laman itong bag. Ito ay yari sa abaka.

**Sagutin ang mga tanong:**

1. Sino ang may regalo?
2. Saan nakalagay ang regalo niya?
3. Ano ang laman ng kahon?
4. Saan yari ang bag?

FT FUN TEACHER FILES

# Maya

Si Aya ay may maya. Tinawag niya itong Miya. Pinalaya ni Aya si Miya. Lumipad ito nang malaya. Masaya si Aya na makita si Miya na malaya.

**Sagutin ang mga tanong**:

1. Sino ang may maya?
2. Ano ang tawag ni Aya sa maya?
3. Ano ang ginawa ni Aya sa maya?

FT FUN TEACHER FILES

# Saging

Nagmamamadali si Miko. Bumaba siya ng hagdan. May balat ng saging sa hagdan. Hindi ito nakita ni Miko. Siya ay nadulas.

**Sagutin ang mga tanong**:

1. Sino ang nagmamamadali?
2. Saan siya bumaba?
3. Ano ang nasa hagdan?
4. Ano ang nangyari kay Miko?

FT FUN TEACHER FILES

# Si Tatay

Naglalaro ang mga bata. Dumating si tatay galing sa trabaho. Pagod na pagod siya. Sinalubong siya ng mga bata at niyakap. Napawi ang pagod ni tatay.

**Sagutin ang mga tanong**:

1. Ano ang ginagawa ng mga bata?
2. Sino ang dumating?
3. Saan galing ang tatay?
4. Bakit napawi ang pagod ni tatay?

FT FUN TEACHER FILES

# Napagod Sila

Takbo nang takbo ang mga bata. Naghahabulan sila. Mayamaya ay tumigil sila. Pumunta sila sa ilalim ng puno. Doon sila nagpahinga.

**Sagutin ang mga tanong**:

1. Ano ang ginagawa ng mga bata?
2. Saan sila pumunta?
3. Ano ang ginawa nila sa ilalim ng puno?

FT FUN TEACHER FILES